Part 4: Ang Tungkol Sa Politica

4.3 ANG CHURCH

Ang itinalaga ni Cristo na mamahala sa local church ay mga elders. Bagamat hindi nakalista nang sunod-sunod ang mga responsibilidad ng mga ito, mayroong apat na tungkulin ang maliwanag na binabanggit sa Bible:

a) Ang pagpapakain sa kawan,
b) ang pagkalinga sa kawan,
c) ang pagbibigay tanod sa kawan, at
d) ang pangangasiwa ng pamumuhay ng iglesya.

Time Out

- Sino ang pinagkalooban ng Panginoong Jesus ng awtoridad na mamahala sa local church?_____
- Ano ang apat na P na tungkulin ng mga namamahala sa simbahan?

_____

_____

PAG-ISIPAN:

Ang aking alam	Kahit sino ay maaaring maging elder. ✓ X
	Ang mga elder o tagapanguna sa simbahan ay (katangian):

PAG-ARALAN:

Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.

1. Juan 21:15-17
   Pagkakain nila, tinanong ni Jesus si Simon Pedro, “Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba ako nang higit sa mga ito?”
   “Opo, Panginoon, alam ninyong mahal ko kayo,” tugon niya.

Sinabi sa kanya ni Jesus, “Kung gayon pakainin mo ang aking mga batang tupa.” Muli siyang tinanong ni Jesus, “Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba ako?”

Sumagot si Pedro, “Opo, Panginoon, alam ninyong mahal ko kayo.” Sabi ni Jesus, “Alagaan mo ang aking mga tupa.”

Pangatlong ulit na tinanong siya ni Jesus, “Simon, anak ni Juan, mahal mo ba ako?”

Nalungkot si Pedro sapagkat tatlong beses siyang tinanong ng, “Mahal mo ba ako?”

At sumagot siya, “Panginoon, alam po ninyo ang lahat ng bagay; alam ninyong mahal ko kayo.”

Sinabi sa kanya ni Jesus, “Pakainin mo ang aking mga tupa.

2. 1 Timoteo 3:1-7
Totoo ang pahayag na ito: Ang sinumang nagnanais na maging tagapangasiwa sa iglesya ay naghahangad ng mabuting gawain. Kaya nga, ang isang tagapangasiwa ay kailangang walang kapintasan; isa lamang ang asawa, matino ang pag-iisip, marunong magpigil sa sarili, kagalang-galang, bukas ang tahanan sa iba, at may kakayahang magturo. Dapat hindi siya lasenggo, hindi marahas kundi mahinahon; hindi mahilig makipag-away at hindi maibigin sa salapi. Dapat mahusay siyang mamahala sa sariling pamilya, iginagalang at sinusunod ng kanyang mga anak. Sapagkat paano siyang makakapangasiwa nang maayos sa iglesya ng Diyos kung hindi niya mapamahalaan ang sarili niyang pamilya? Hindi siya dapat isang baguhang mananampalataya; baka siya'y maging palalo at mahatulan na gaya ng diyablo. Bukod dito, kailangang mabuti ang pagkakilala sa kanya ng mga hindi sumasampalataya upang hindi siya mapintasan at hindi mahulog sa bitag ng diyablo.

- Si Simon Pedro at ang Panginoong Jesus ay nagkaroon ng pag-uusap. Paano mapapatunayan ni Simon Pedro ang pag-ibig niya kay Jesus?

  _____

  _____

  _____

- Magbigay ng ilang katangian/qualifications ng isang tagapangasiwa ng simbahan.

_____

_____

_____

PAG-USAPAN:

Mabigat ang mga tungkulin ng mga elders kaya dapat mahigpit ang paghahanda at pagpili sa kanila. Ang mga ito ay maisa-summarize natin sa limang kategorya: Ang isang elder ay 1) mabuting asawa, 2) mabuting ama, 3) mahusay magturo, 4) mahusay na manager, at 5) mahusay sa pagpapaliwanag at paggamit ng salita ng Diyos.

Kung susundin natin ang lahat ng qualifications na nakasulat sa Bagong Tipan, walang lalabas na karapat-dapat maging elder. Napakahalaga na ang mga elders na namumuno sa mga local churches ay may tunay na kakayahan sapagkat sa kanilang mga kamay nakasalalay ang paglago ng buhay espirituwal ng mga mananampalataya at pagpapatupad ng Great Commission.



Napansin ng mga kaibigan ni Marco ang pagbabago sa kanyang pagsasalita at pag-uugali. Madalang na siyang sumama sa kanila at sa halip ay may bago na siyang grupo na sinasamahan. Nabahala ang mga kaibigan niya sapagkat hindi maganda ang reputasyon ng mga bago niyang sinasamahan sa school. Nagkasundo ang magkakaibigan na yayain si Marco na pumunta sa bahay nila Leo. Humingi sila ng tulong sa tatay ni Leo na isang Elder sa isang local church. Siya ay kilala sa kanilang simbahan at sa community dahil sa mabuti niyang testimony. Siya ang takbuhan ng halos lahat upang hingan ng tulong o advice. Sumama si Marco sa mga kaibigan sapagkat naisip niya na wala naman siyang gagawin. Nagkakwentuhan ang magkakaibigan kasama si Elder Bert. Napansin ni Elder Bert ang ugat ng galit na mayroon si Marco kaya ito ay pinayuhan niya. Sinabi niya na may layunin ang Diyos sa lahat ng nangyayari sa kaniya at sa kanilang pamilya at kailangan lang niyang magtiwala sa Kanya. Taimtim na nakinig si Marco.

Ano ang dapat gawin ni Marco matapos marinig ang payo ni Elder Bert? Ipaliwanag ang iyong sagot.

_____

_____

_____

Ang mga elders ang pinagkalooban ng Panginoong Jesus ng awtoridad sa simbahan. Ang mga elders ay dapat mayroong mga katangian na binanggit sa Bible upang maisakatuparan nila ang kanilang tungkulin na nakasaad din sa Bible.

PAG-BULAYBULAYAN:

1. Kinikilala mo ba ang elders or leaders ng iyong simbahan? _____
2. Bakit mahalga na kilalanin mo sila?

_____

_____

Natutuhan ko na	Kahit sino ay maaaring maging elder. ✓ X
	Ang mga elder o tagapanguna sa simbahan ay (katangian):

Verse of the Day:

Alalahanin ninyo ang mga namumuno sa inyo, na nagpahayag sa inyo ng salita ng Diyos. Isipin ninyo kung paano sila namuhay, at tularan ninyo ang kanilang pananampalataya. ***Mga Hebreo 13:7***